



# BUWIS NG ARI-ARIAN PARA SA LAHAT NG MAY-ARI NG NEGOSYO

February 2016

Sa ilalim ng Konstitusyon ng Estado, mga bagay katulad ng muwebles at mga gamit sa pagpapatakbo ng negosyo ay sakop ng buwis ng ari-arian. Ang tawag sa ganitong ari-arian ay Ari-ariang Personal ng Negosyo o “BPP”.

## Ano ang Ari-ariang Personal ng Negosyo (BPP)?

Ang Ari-ariang Personal ng Negosyo ay kasama ang mga nahahawakan na bagay katulad ng makina, kagamitan, mga kagamitang nakakabit sa gusali, at pag-ayos ng gusali na pagmamay-ari o ginagamit kaugnay sa kalakalan o negosyo. Kung maari sana tingnan ang mga sumusunod na halimbawa.

### Pangkaraniwang BPP

- ✓ **Mga makina katulad ng:** *panlaba at pantuyo, kalan, pridyeder* 
- ✓ **Muwebles sa opisina katulad ng:** *sopa, pupitre, mesa, kabinet para sa mga file* 
- ✓ **Muwebles sa opisina katulad ng:** *telepono, fax machine, komputer* 
- ✓ **Mga maliliit na pang-araw-araw na kagamitan katulad ng:** *mga papel, gamit sa paglinis, gamit sa medikal o gamit sa mga ngipins* 
- ✓ **Mga kagamitang nakakabit sa gusali katulad ng:** *pantutubero, mga kable* 

### Hindi isinasaalang-alang na BPP


- ✗ **Imbentaryo ng negosyo katulad ng:** *damit o pagkain na binabalak ipagbili* 
- ✗ **Mga ari-arian na mahirap unawain katulad ng:** *aplikasyon para sa software, patente, lisensiya ng alak* 
- ✗ **Mga sasakyan na may lisensiya ng DMV katulad ng:** *limosin, trak para sa trabaho, trak para pangdeliber, trak ng kompanya* 
- ✗ **Muwebles sa bahay kung ginagamit mo ang iyong bahay na lugar ng trabaho, ang parte ng bahay ninyo na hindi ginagamit sa trabaho ay hindi isasaalang-alang na BPP**

## Kinakailangang mag file ng Form 571-L

Hindi katulad ng lupain, Ari-ariang Personal na Negosyo ay kailangang ipag bigay alam sa aming opisina para mapahalagahan taon-taon para sa layunin ng buwis sa ari-arian. Kadalasan, ito ay mag-uumpisa ng Pebrero kung kailan magpapadala ang aming opisina ng patalastas para sabihin sa inyo na kailangan kayong mag file ng pahayag ng ari-arian ng negosyo na tinatawag na Form 571-L.

Ang Form 571-L ay inaatasan ang may ari ng negosyo na palitan: “magbigay ng detalye ng halaga sa pagbili” ng mga Ari-ariang Personal ng Negosyo sa bawat lugar ng negosyo sa aming county. Ang impormasyong ito ay makakatulong sa amin na makarating sa tamang tinasang halaga sa pagkalkula ng inyong buwis sa ari-arian. Kung maari sana tingnan sa ibaba para sa karagdagang detalye.

### Mga Uri ng Paunawa na Maari Ninyong Matanggap



## Listahan ng Mga Kailangan ng Bagong May-Ari ng Negosyo

- ✓ Irehistro ang inyong negosyo sa Opisina ng Tesorero & Naniningil ng Buwis (hiwalay na opisina). Ang Opisina ng Tesorero & Naniningil ng Buwis ay ibabahagi ang inyong mga impormasyon tungkol sa pagrehistro ng inyong negosyo sa aming opisina.



Mag-download ng isang Form ng Pagpaparehistro ng Bagong Negosyo mula sa aming website. Kumpletuhin at isumite ito sa Opisina ng Tagatasa-Tagatala, Pirma ng Personal na Pagnenegosyo ng Negosyo, 1155 Market Street # 500, San Francisco, CA 94103.

- ✓ Panatilihin ang mga mabuting talaan ng pagkuha ng mga Ari-ariang Personal ng Negosyo.
- ✓ Bigyang pansin at siguraduhin na natanggap ninyo ang Form 571-L na abiso sa Pebrero galing sa aming opisina kung ang inyong negosyo ay gumagana umpisa ng Enero 1 sa parehong taon.
- ✓ Para malaman ang marami pa, maari kayong mag-atend ng Form 571-L Workshop (Ang detalye ay nasa inyong bawat taon na Form 571-L na abiso)
- ✓ **IMPORTANTE:** Mag-file ng Form 571-L bago sa deadline ng Abril 1.

## KADALASANG MGA TANONG

### T1: Papaano mag-file ng Form 571-L?

**S1:** Ang pinakamadaling gawin ay E-file. Pumunta sa aming online portal [www.sfassessor.org/efile](http://www.sfassessor.org/efile) at gamitin ang Account# at Online PIN# na kalakip sa inyong bawat taon na abiso. Tapusin at ibigay ang inyong pahayag online bago mag Abril 1.

Maari din ninyong idownload ang pormularyo kung gagamitin ang PIN at impormasyon tungkol sa account, kumpletuhin at ipadala sa amin via koreo.

### T2: Papaano nalalaman ang tinasang halaga?

**S2:** Ang tasa ay nag-uumpisa sa halaga ng pagbili ng mga Ari-ariang Personal ng Negosyo, kasama ang buwis sa pag-bebenta, kargamento at pag-install. Ang aming opisina ay naglalagay ng kadahilanan ng paghahalaga sa presyo para malaman ang tinasang halaga. Ang kadahilanan ng paghahalaga ay batay sa inaasahang buhay na pang ekonomiya ng ari-arian at ito ay ibinigay ng State Board of Equalization. Importante na tandaan na maari itong kaiba sa mga kadahilanan ng paghahalaga na ginamit nag ibaibang taga kuwenta ng buwis.

### T3: Lahat ng kasangkapan na ginagamit ko sa aking negosyo ay ibinigay sa akin at hindi ko alam kung ano ang isasaad ko sa aking pahayag ng mga ari-arian?

**S3:** Ang mga kasangkapan na iniregalo sa inyo para gamitin sa inyong negosyo ay maaring patawan ng buwis at kailangan ninyong isaad sa Form 571-L. Kung hindi ninyo alam ang halaga ng kasangkapan at/o taon na nakuha, magbigay ng magandang paglalarawan kasama ang may gawa at modelo at kondisyon ng bawat isang kasangkapan.

### T4: Kailangan ko bang magbayad ng buwis ng Ari-ariang Personal ng Negosyo (BPP) kahit na hindi ako ang may ari ng real property sa lugar ng aking negosyo?

**S4:** Oo. Ang Ari-ariang Personal ng Negosyo at Real Property ay dalawang magkaibang klase ng ari-arian at parehong maaaring patawan ng buwis base sa batas ng estado. Ang Ari-ariang Personal ng Negosyo ay mga bagay na ikaw ang may-ari at kailangan para mapatakbo ang inyong negosyo. Halimbawa, kung kayo ay may ari ng restaurant, ang kalan, prigider, at/o muwebles na ginamit para sa negosyo ay Ari-ariang Personal ng Negosyo.

## IMPORTANTENG PETA SA MGA MAY-ARI NG NEGOSYO

### Enero 1:

Petsa ng Prenda (ang petsa ng nalaman ang halaga ng BPP)

### Pebrero:

Mga abiso ng BPP ipinadala via koreo sa mga may ari ng negosyo

### Abril 1:

Deadline para mag-file ng Form 571-L

### \*Mayo 7:

Huling araw para mag-file ng Form 571- upang walang multa

### Hulyo 2:

Unang araw para mag-file ng paghahabol ng tasa sa Assessment Appeals Board AAB) (karagdagang impormasyon sa [www.sfgov.org/aab](http://www.sfgov.org/aab))

### Hulyo:

Ang BPP tax bill ay ipapadala via koreo ng Opisina ng Tesorero & Naniningil ng Buwis (hiwalay na opisina)

### Agosto 31:

Huling araw para magbayad ng BPP tax bill sa Opisina ng Tesorero & Naniningil ng Buwis (hiwalay na opisina)

### Septiyembre 15:

Huling araw para mag-file ng paghahabol sa tasa ([www.sfgov.org/aab](http://www.sfgov.org/aab))